# Ano-ano ang mga paraan para makapagbayad ng loan obligations sa nagsarang bangko?




Ang mga borrower ng mga bangkong ipinasara ng Bangko Sentral ng Pilipinas ay dapat pa ring magbayad ng kanilang mga pagkakautang sa nagsarang bangko. Narito ang mga paraan para makapagbayad ng loan obligations sa PDIC na siyang Receiver ng mga nagsarang bangko:

**1. Magbayad sa pamamagitan ng online payment system na Link.Biz Portal sa www.landbank.com**

Para sa gabay kung paano gamitin ang Link.Biz Portal ng Land Bank, makipag-ugnayan sa PDIC Public Assistance Hotline na (02) 8841-4141, (02) 8841-4889, o sa Toll-Free number na 1-800-1-888-7342.

**2. Magbayad sa alinmang branch ng Philippine National Bank (PNB)**

I-fill-out ang PNB Payment Slip at ipadala ang kopya ng validated Payment Slip sa PDIC sa pamamagitan ng e-mail sa pad@pdic.gov.ph o sulat na naka-address sa Public Assistance Department, Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231.

**3. Magbayad sa PDIC Public Assistance Center (PAC)**

Maaaring magbayad nang personal sa PDIC Public Assistance Center (PAC), Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231.

**4. Magbayad ng Postal Money Order (PMO) o tseke na nakapangalan sa designated account name para sa nagsarang bangko.**

Ipadala ang PMO sa pamamagitan ng sulat sa:
Loans Management Department, PDIC, 4th Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan lamang sa PDIC sa pamamagitan ng:

- pad@pdic.gov.ph o designated e-mail address ng closed bank
- www.facebook.com/OfficialPDIC
- (02) 8841-4141 *(para sa mga nasa Metro Manila)*
- 1-800-1-888-PDIC or 1-800-1-888-7342 *(para sa mga nasa labas ng Metro Manila)*